DepEd ADVISORY No. 382, s. 2010
in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepED officials and personnel
(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
November 12, 2010

PAMBANSANG SUMMIT SA WIKA (PSW) 2011

Ang Kolehiyo ng Sining at Komunikasyon, Unibersidad ng Pilipinas-Baguio (UPB) ay magdaraos ng **Pambansang Summit sa Wika (PSW) 2011** na may temang, *"Pagkilala sa Lahat ng Wika ng Pilipinas: Tungo sa Pagsulong ng Lahing Pamana" na gaganapin* sa Abril 29-30, 2011 sa UPB, Lungsod ng Baguio.

Ang mga layunin ng Summit ay ang mga sumusunod:

a. Gisingin ang kamalayan ng publiko sa pangangailangang pagkilala at pagpapalakas ng lahat ng wika sa Pilipinas;
b. Tayahin ang estado ng mga wika sa Pilipinas;
k. Talakayin ang mga paksang may kinalaman sa pagpapalakas ng wika sa iba't ibang larangan ng buhay;
d. Bigyan ng pagkakataon ang mga propesyonal, mga akademiko at mga interesadong indibidwal at mga grupo na magpahayag ng kanilang mga pag-aaral at kaalaman ukol sa mga paksang angkop sa tema; at
e. Bumuo ng network ng mga indibidwal, institusyon at mga samahan na magsusulong sa pag-unlad, paglaganap at pagpapalakas ng lahat ng wika sa Pilipinas tungo sa pagsulong ng Lahing Pamana.

Ang mga inaanyayahang dadalo ay mga tagahubog ng palisi sa wika, implementor ng palisi, administrador, guro, kritiko, manunulat, mag-aaral at iba pang may interes at malasakit sa kapakanan ng mga wika sa Pilipinas.

Ang butaw ng bawat kalahok ay Isang Libo at Limang Daang Piso (PhP1,500.00) para sa simpleng *summit kit* at sertipiko ng partisipasyon.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan kay G. Brian Lumague, *College of Arts and Communication, UP-Baguio, Baguio City* sa *telefax blg.* (074) 444-8393; *mobile phone no.*: 0915-7907-243 o *e-mail address:* brian.lumague@gmail.com.

D-MCR/DA-Summit sa Wika
10-01-10/11-10-10